



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

## **Patnubay Ukol Sa COVID-19 Mula Sa Napa County Public Health Para Sa Mga Tagapag-bigay Serbisyo Sa Mga Walang Tirahan At Sa Mga Sentro Ng Magsasaka**

***Binago 3/25/2020***

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng tiyak na patnubay para sa mga tagapag-bigay serbisyo sa mga walang tahanan at sa mga sentro ng magsasaka (kabilang ang mga magdamagang tuluyan pang-emerhensya, mga tuluyan pang-araw, mga tagapag-bigay ng serbisyong pagkain at mga munisipalidad na kabilang sa County) sa panahon ng pagsiklab ng karamdamang coronavirus 2019 (COVID-19).

1. Magplano at maging maalam sa mga patnubay at dulugan
  2. Magbigay ng edukasyon para sa mga empleyado at residente
  3. Magbigay ng mga materyales para sa kalinisan at pag-iwas sa karamdaman
  4. Suriin para sa mga sintomas ang mga residente at kliyente
  5. Hangga't maaari, ibukod mula sa pangkalahatang populasyon ang mga taong nagpapakita ng sintomas.
  6. Bigyan ng pag-aalaga ang mga taong nagpapakita ng sintomas, makipag-ugnayan sa mga doktor o kinaukulan sa Napa County Public Health para sa pagsusuri o paggamot.
  7. Magbigay ng serbisyong pangkalinisan sa mga tuluyan at mga programa.
- 1. Magplano at maging maalam sa mga patnubay at dulugan para sa COVID-19**
    - a. Napa County Public Health mga balita at patnubay sa:  
<https://www.countyofnapa.org/2739/Coronavirus>
    - b. Napa County Pangangalaga ng kalusugan ng mga walang tirahan, patnubay at dulugan sa:  
<https://www.countyofnapa.org/2739/Coronavirus>
    - c. Suriin ang HUD's 2020 Infectious Disease Toolkit for CoC's  
<https://www.hudexchange.info/resource/5985/infectious-disease-toolkit-for-cocs/>
  - 2. Magbigay ng edukasyon para sa mga empleyado at residente**
    - a. Mag-paskil ng karatula at magkaroon ng tamang impormasyon pang-edukasyon na malinaw at madaling makita ng mga empleyado at kliyente.
      - i. Inirerekumenda ng Napa County Public Health ang mga sumusunod na karatula:
        1. Symptoms of COVID-19 ([english](#), [español](#))
        2. Cover Your Cough ([english](#), [español](#))
        3. Wash Your Hands ([english](#) and [español](#))



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

4. Stop the Spread of Germs ([english](#), [español](#))
  5. Facts About COVID-19 ([english](#), [español](#))
  - ii. Turuan at sanayin ang mga empleyado sa tamang paghuhugas ng kamay, pag-ubo at iba pang pamamaraan sa kalinisan.
  - iii. Turuan at sanayin ang mga empleyado sa mga pamamaraan ng pagkilala at pag-iwas sa sakit.
  - iv. Siguraduhing ang mga empleyado na may sakit ay hindi papasok sa trabaho.
  - v. Panatilihin ang pakikipag-ugnayan ng mga kinaukulan sa Napa County Housing and Homeless Program or Public Health.
- 3. Magbigay ng mga materyales para sa kalinisan at pag-iwas sa karamdaman**
- a. Bigyan ang lahat ng mga residente ng madaling paraan para makakuha ng sabon, tubig at pagpapatuyo ng kamay.
    - Maglaan ng istasyon para sa paghuhugas ng kamay at mga banyo sa mga pampublikong pasilidad kung saan tumutuloy ang mga kliyenteng walang tirahan.
    - Hikayatin ang lahat ng mga residente at empleyado na madalas maghugas ng kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo.
    - Maglaan ng magagamit na hand sanitizer para sa pangkalahatang pangangailangan, mag-alok ng personal na hand sanitizer para sa mga kliyente at sa mga empleyadong lumalabas para mag-outreach.
    - Paalalahanan ang mga residente na magtakip ng pag-ubo o pagbahing.
    - Ang mga empleyadong may sakit ay dapat manatili sa kanilang bahay.
  - b. *Bagong patnubay mula sa CDS sa paggamit ng takip sa mukha: Sa mga lugar na ang N95 respirators ay sobrang limitado at walang mapagkuhanan ng mga pang-operang takip sa mukha, maaaring kailanganin na gumamit ng hindi aprubado o gawang-kamay na takip sa mukha para sa pangangalaga ng mga pasyente.*
  - c. *Mga Encampment:*
    - *Maliban kung may magagamit na indibiduwal na pabahay, huwag kalasin ang mga encampment sa panahon ng pagkalat sa komunidad ng COVID-19. Ang pagkakalas ng mga encampment ay maaaring maging sanhi ng pagkalat ng mga tao sa buong pamayanan at masira ang mga koneksyon sa mga*



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

*nagbibigay sa kanila ng serbisyo. Pinatataas rin nito ang potensyal para sa paglaganap ng nakakahawang sakit.*

- Hikayatin ang mga taong nasa encampment na panatiliing may distansya na 12 talampakan na 12 talampakan sa pagitan ng bawat indibiduwal na tolda o tulugan.*
- Tiyakin na ang mga kalapit na banyo ay may mga dumadaloy na tubig , may sapat na materyales para sa kalinisan ng kamay (sabon, gamit sa pagpapatuyo) at tisyu. Siguraduhin na panatiliing bukas ang mga banyo para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan 24-oras bawat araw.*
- Kung walang malapit na banyo o mga kagamitan sa paghugas ng kamay. Maglaan ng pansamantalang palikuran na may mga kagamitan para sa paghugas ng kamay para sa mga encampment na higit sa 10 katao.*

#### **4. Suriin para sa mga sintomas ang mga residente at kliyente**

- Magbigay ng pagsusuring pang kalusugan sa unang pagtanggap at pang araw-araw:

Mga tanong para sa pagsusuri: Kasalukuyan ka bang nakakaranas ng mga sumusunod:

- Lagnat (temperatura na mahigit sa 101 degree)
- Ubo
- Kinakapos na paghinga, hirap sa paghinga

**Inirerekumenda ng Napa County Public Health:** *Ang mga empleyado ay dapat mayroong “temporal thermometer scan” upang makatulong sa pagsusuri para malaman kung may lagnat ang mga residente at kliyente.*

#### **5. Makipag-ugnayan sa mga doktor o kinaukulan sa Napa County Public Health para sa pagsusuri o paggamot ng mga taong nagpapakita ng sintomas.**

- Kung ang isang tao ay nagkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19 kabilang ang lagnat, ubo o kinakapos na paghinga, at paniwalang maaaring nahawa sila sa ibang tao, dapat silang tumawag muna sa kanilang doktor upang humingi ng medical na pangangalaga, maliban na lang kung sila ay nakakaranas ng emerhensiyang medikal. Ang pag-kontakt sa doktor bago tumungo sa klinika ay makakatulong upang makasiguro na makakakuha ang



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

mga tao ng pangangalagang kakailanganin habang umiiwas sa panganib ng makapanghawa sa iba.

b. Tiyakin na ang lahat ng mga kliyente ay may paraan para makipag ugnayan sa isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga.

**6. Bigyan ng pag-aalaga ang mga taong nagpapakita ng sintomas**

a. Pumili ng lugar para sa mga taong nagpapakita ng sintomas: Magtalaga ng lugar para sa mga taong maaaring magkasakit. Kung maari, magtalaga ng hiwalay na banyo para sa mga taong may sakit. Bumuo ng plano sa paglilinis ng mga kwarto araw-araw.

b. Ano ang gagawin kung may kliyente na nagpapakita ng sintomas ng trangkaso?:

i. Humingi ng impormasyon mula sa kliyente. Tulungan ang kliyente sa pag-suri ng kanilang nararamdaman upang malaman kung banaya lamang ang sama ng kanilang pakiramdam o kung kinakailangan nilang magpa-eksamen sa doktor. Ang mga kliyente ay hindi dapat sabihang pumunta sa doktor kung sila ay walang sakit o kung ang sintomas nila ay banayad lamang at hindi sila karaniwang kinakailangang magpa-doktor kapag nakakaranas ng ganitong sintomas.

ii. Tanungin kung anong sintomas ang kanilang nararanasan.

iii. Ipa-estima sa kliyente kung gaano kalubha ang kanilang sintomas sa pamamagitan ng 1-10 bilang sukatan, ang 10 ang pinakamalubha.

iv. Mangyaring kunin ang kanilang temperatura kung inyong makakaya. Ang temperatura sa ulo na 100.4 F ay matuturing na lagnat. Kung sila ay dumadaing ng pagpapawis o panginginginig, maaaring mayroon rin silang lagnat.

v. **Isangguni ang kliyente sa kanilang doktor gamit ang telepono upang masuri.**

vi. Ang mga banayad na sintomas na walang kasamang lagnat at walang daing ng sobrang masamang pakiramdam o na walang palatandaan ng matinding pagkapagod ay maaaring hindi kumakatawan ng mala-trankasong sintomas.

c. **Ang mga kliyente na may banayad at katamtamang sintomas ng sakit ay nararapat na lumagi sa isang lugar hangga't maaari, habang nag-aantay ng paglipat sa "Respite Care Shelter". Kung maaari subukang maipagpatuloy ang pagbibigay serbisyo sa inyong mga kliyente sa inyong puwesto.**

i. Panatiliin ang mga kliyente sa isang komportableng lugar na nalalayo sa pangkalahatang populasyon ng lugar hangga't maaari. Hikayatin ang kliyente na humiga at magpahinga. Karamihan ay magnanais na gawin ito.



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

- ii. Iwasan ang dehydration. Hikayatin ang kliyente na uminom ng maraming tubig, malinaw na sabaw, tsaa na walang caffeine, katas ng prutas.
- iii. Magbigay ng kumot kung maaari.
- iv. Bigyan ang kliyente ng “hand sanitizer”, tisyu at plastik na bag o basurahan para mapagtapunan ng mga tisyu.
- v. Hikayatin and kliyente na umubo sa may siko o takpan ang bibig ng tisyu o tuwalya pag sila ay umuubo o bumabahing.
- vi. Bigyan and kliyente ng pantakip ng mukha.
- vii. Dalhan ng pagkain ang kliyente hangga’t maaari para maiwasan ang pakikisalamuha nito sa ibang mga tao.
- viii. Tingnan ang kalagayan ng kliyente ilang beses sa isang araw hanggang maihanda ang paglipat sa “Isolation/Quarantine Shelter”.

## **7. Hangga’t maaari, ibukod mula sa pangkalahatang populasyon ang mga taong nagpapakita ng sintomas.**

- a. Mga Rekomendasyon sa Pagbubukod
  - i. Ibukod mag-isa sa isang kwarto ang taong may sakit. Kung walang bakanteng kwarto, sundan ang mga susunod na nakalistang patnubay:
  - ii. Patuluyin ang mga taong may sakit sa isang malaki at maaliwalas na kwarto na may pinaka-konting residente.
  - iii. Iwasan ang pagpapatuloy sa mga taong may sakit sa kwarto na mayroong ibang residente na may mga problema sa kalusugan na nagpapataas ng kanilang panganib na magkakomplikasyon mula sa COVID-19 halimbawa ay ang mga may HIV, asthma, diabetes at nagdadalang-tao bukod pa sa ibang mga kondisyon na hindi nakalista.
  - iv. Dagdagan ang pagitan ng mga kama upang ang kama ng taong may sakit ay may distansya na anim na distansiya mula sa susunod na kama.
  - v. Ayusin ang mga kama upang ang mga tao ay nakapwesto na ulo-sa-paa o paa-sa-paa pag nakahiga para mabigyan ng pinakamalaking distansya sa pagitan ng mga mukha.
  - vi. Gumamit ng kobre kama o kurtina upang makagawa ng pansamantalang harang sa pagitan ng mga kama.
  - vii. Dalasan ang paglilinis at pagdidisimpekta ng lugar.
  - viii. Siguraduhing may sabon at umaagos na tubig o di kaya ay alcohol-based hand sanitizers para sa paglinis ng mga kamay.



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

Magbigay ng direksyon sa paglilinis ng mga kamay at mga tuntunin sa tamang pag-ubo.

**8. Mga rekomendasyon para sa kalinisan ng mga tuluyan at mga programa:**

- a. Paglilinis at pagdidisimpekta ng mga tuluyan at mga programa.
  - Ang mga madalas hawakan na bagay ay malamang maging kontaminado at dapat linisin at disimpektahin araw-araw.
  - Palaging sundin ang direksyon sa etiketa ng mga produktong panglinis at pangdisimpekta. Hugasan ang mga ibabaw gamit ang “general household cleaner” para maalis ang mga mikrobyo. Banlawan ng tubig, at sundan ng “EPA-registered disinfectant” para mapatay ang mga mikrobyo. Basahin ang etiketa para masiguro na ang produkto ay aprobado ng EPA na mabisa laban sa influenza A virus.
  - Kung ang ibabaw ay hingi mukhang marumi, maari itong linisin gamit ang produktong rehistrado sa EPA bilang panglinis (nagtatanggal ng mikrobyo) at pangdisimpekta (pumapatay ng mikrobyo). Siguraduhin na babasahin ng mabuti ang direksyon sa etiketa, sa pagkat maaring may hiwalay na pamamaraan sa pag gamit ng produkto bilang panglinis o pangdisimpekta. Karaniwang, kailangang iwanan ng ilang minuto ang produkto na EPA-registered disinfectant sa ibabaw bago ito makadisimpekta upang mapatay ang mga mikrobyo (halimbawa, iwanan ng 3-5 minuto bago banlawan o patuyuin).
  - Ang mga empleyadong naglilinis at nagdidisimpekta ay dapat na gumamit ng guwantes at itapon ito matapos ang gawain.
  - Gumamit ng basang pamamaraan ng paglinis. Ang tuyong paraan ng paglilinis gaya ng pagwawalis at pagaalikabok ay maaring magkalat ng maliliit na patak ng virus sa hangin.
  - Dalasan ang pagpapalit ng pang-lampaso, basahan, at mga katulad na gamit panglinis at pangdisimpekta.
  - Linisin, disimpektahin at patuyuin ang mga gamit panglinis tuwing pagkatapos ng gawain.
  - Ang mga bagay tulad ng plato, kobre kama o kubyertos ay hindi kinakailangang linisin ng hiwalay, subalit mahalagang siguraduhin na ito ay hindi ginagamit ng ibang tao.

Ang lahat ng tagapagbigay serbisyo sa mga walang tirahan, kasama ang mga (CoCs), mga opisyal ng lungsod at kondado, at iba pang katulong nilang ahensya ay dapat na maging pamilyar sa nilalaman ng publikasyon ng HUD na [Preventing and Managing the Spread of Infectious Disease for People Experiencing Homelessness](#). Ang



A Tradition of Stewardship  
A Commitment to Service



**Public Health**  
Prevent. Promote. Protect.

*dokumentong ito ay tinatalakay ang paghahanda, pagsasanay, pagtuturo, pag-iwas at pagtugon sa pagkalat ng mga nakakahawang sakit.*

Maari ring kumunsulta ang mga CoCs, opisyal ng lungsod at kondado, tagapamahala ng mga tuluyan at manggagawang sosyal, opisyal ng pampublikong kalusugan ng mga lungsod at kondado at mga local na nagpapatupad ng batas sa dalawa pang publikasyon ng HUD: [Preventing and Managing the Spread of Infectious Disease within Shelters](#) at [Preventing and Managing the Spread of Infectious Disease within Encampments](#).

Mangyaring tandaan na ayon sa patnubay ng HUD, ang mga tagapamahala ng mga lugar na matutuluyan ay dapat kumunsulta sa kanilang mga local na kagawaran ng kalusugan bago tumanggi ng mga taong may problema sa paghinga. Kung ang isang tao na naghahanap ng matutuluyan ay nangangailangan ng atensyong medical, nararapat na ipagpatuloy ang pagdirekta sa kanila na sumangguni sa doktor.